



## *Buong Teksto*

### **PULO NG DIGMAAN: Alamat ng Pulo Apo**

Ang kwento natin ngayon ay pinamagatang “Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo” mula sa librong *Ang Babaeng Nabulog Mula sa Langit at Iba Pang Kuwenton-bayan* na isinalaysay ni Maria Elena Paterno, salin sa Filipino ni Rene O. Villanueva at babasahin para sa atin ni Brian Sy.

Ang pulo ng Apo ay isang maliit na pulo sa Karagatang Mindanao malapit sa Negros Oriental. Maganda ang pulong ito na napapaligiran ng tubig na sagana sa mga isda at iba-ibang mga uri ng mga nilalang sa dagat. Pero delikado ang lugar na ito. Malalaki at matatalim ang mga bato sa paligid nito, mabilis at peligroso ang daloy ng tubig kaya

nahihirapan ang mga bangkang nais dumaong dito.

May kakaibang kuwento ang mga tao kung paano nagkaroon ng pulo sa lugar na ito.

Dati, sa bandang timog silangan ng Negros Oriental, may isang masaganang baryo na pinamumunuan ng isang matapang na pinunong nagngangalang Apo Dauin. Si Apo Dauin at ang kanyang mga tauhan ay nagmula pa sa Katimugang Mindanao. Tinahak nila ang malawak na karagatan upang magsimula ng bagong buhay dito.

Payapa ang bayan ni Apo Dauin. Maraming mga hayop sa gubat na pwedeng katayin at maraming isda sa dagat na pwedeng ihawin. Kuntento at masaya ang mga tao. Kaunti lang ang mga kawal na inatasang maghanda at magmasid sa mga darating na kalaban. Wala kasi silang kaaway dito sa bago nilang tahanan.

Doon sila nagkamali.

Isang gabing tahimik, may lumulusob na mga mabagsik na pirata! Vinta ang tawag sa mga bangka nila, at isang tingin lang sa disenyo ng layag, masasabi agad na mula pa sa Katimugang Sulu ang mga ito.

Sinabayan ng nakakakilabot na mga hiyaw ang paglusob ng mga pirata. Kumislap sa liwanag ng buwan ang kanilang mga sandata. Nagmamadaling hinagilap ng mga taumbayan ang kanilang mga sandata. Matapang na lumaban ang mga kalalakihan at kababaihan sa mga manlulupig, pero kahit anong sikap nila, wala talaga silang pag-asang manalo.

Umabot hanggang madaling-araw ang labanan. Marami sa kanila ay nasugatan. Hindi nila napigilan ang mga pirata na nakawan kanilang mga tahanan. Sinubukan ng mga kababaihan na ipagtanggol ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng mga kutsilyong panluto pero ginapos sila at dinala ng mga pirata sa kanilang mga vinta.

Nagalit ang taumbayan, lalo na si Apo Dauin ang pinakagalit sa lahat, "Halina sa ating bangka!" sigaw niya. "Dapat nating habulin ang mga pirata!"

Ngunit hindi kayang pantayan ng mga taumbayan ang matutulin na vinta ng mga pirata. Hinabol nina Apo Dauin ang mga pirata hanggang sa kalagitnaan ng dagat, pero hindi nila ito kayang abutan.

Nagulat sila nang mapansin na palaki nang palaki ang layag ng mga vinta. Ilang sandali pa ang lumipas bago nila naintindihan ang mga pangyayari. Umikot pabalik ang mga barko ng kilabot na mga pirata. Gusto nila ng labanan sa gitna ng dagat!

Handa na si Apo Dauin at ang kanyang mga kasama. Humigpit ang hawak ng kanilang mga kayumanggi kamay sa mga bagong hasa nilang sibat. Hinintay nila ang pagsalakay ng mga kalaban. Binanggga ng mga matulin na vinta ang mumunting mga bangkang pangisda.

Matapang na lumaban ang mga taumbayan. Mahaba at madugo ang naging labanan. Pero nang matapos ito, natalo ng mga balikong espada ng mga pirata ang mga sibat at itak ng mga mandirigmang taga-barrio. Naging simpula ng dagat ang mga dugong dumanak.

Sa wakas ay natapos din ang laban.

Si Apo Dauin at ang mga magigiting na mandirigma ay patay na.

Umiyak nang malakas ang mga nadakip na kababaihan na sakay ng vinta. Ipinagdasal nila na sana kunin na sila ng langit imbes na maghirap sila sa kamay ng mga malulupit na pirata.

Pinakinggan ang kanilang mga dasal. Nang muling tinaas ng pirata mga ang layag ng kanilang mga vinta, biglang mav dumating na bagyo. Hinampas ang mga vinta ng malalaking mga alon na parng mga balahilbong nililipad ng hangin. Magaling manangka ang mga pirata, ngunit wala silang laban sa hagupit ng kalikasan.

Buong gabing nanalanta ang bagyo. Kinabukasan, paglabas ng mga tao upang makita ang kinalabasan ng digmaan. may napansin ang isang bata. Napasigaw siya ng malakas sabay turo sa isang mabatong pulo sa dagat.

Nandoon ito sa lugar kung saan naglaban ang kanilang mga kasama at mga pirata.

"Kahugis ito ni Apo Dauin," bulalas ng bata. "Nagbalik siya upang muling bantayan ang ating barrio."

Tama ka, yan ang ating Apo. Sang ayon ng lola sa bata. "Iyan si Apo Dauin. Muli siyang bumangon sa ilalim ng dagat upang ipagtanggol ang ating baryo laban sa mga susunod na paglusob.

May ilang mga taong namangka papunta sa mga batuhan. Nang malapit na sila dito, akala nila ay mismong si Apo Dauin ang nakita nilang nakatayo sa tuktok ng pulo.

Sinubukan nilang dumaong sa bagong pulo, ngunit pinigil sila ng mga malalaking bato at ng peligrosong alon. "Tiniyak lang ni Apo Dauin na wala nang lulusob sa atin." Paliwanag ng mga taga-baryo.

Hanggang sa araw na ito ay marami pa ring kataka-takang mga aksidenteng nagaganap sa paligid ng pulo ng Apo. Tinatangay ng mga alon ang malilit na bangka. May ilan ding mga sumisisid na hindi na muling umahon. Sabi ng mga matatanda ang galit na espiritu daw ni Apo Dauin ang may kagagawan nito. Patuloy pa rin niyang binabantayan ang mahal niyang barrio.

\*\*\*

*Pinagkubanan: Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo. Ang Babaeng Nabulog Mula sa Langit at Iba Pang Kuwenton-bayan. Ilaw ng Tabanan Publishing, Inc.*

## Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

### *Sa Ingles*

The Monkey and the Turtle  
Sun and Moon  
Sagacious Marcela  
The Story of our Fingers  
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck  
The Lost Necklace  
Why Cocks have Combs on their Head

### *Sa Filipino*

Ang Pagong at ang Matsing  
Ang mga Paglalakbay ni Juan  
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)  
Ang Unang Unggoy  
Ang Alamat ng Palay  
Ang Pinagmulan ng Lamok  
Kung Paano Yumaman si Jackyo  
Ang Anting-anting ni Manuelito  
Ang Gamugamo at Ang Liwanag

*Mga Kuwentong Pampasko:*

The Poor Man who Became King  
The Sultan with a Heart of Stone  
Buking si Santa  
Istatriray: Ang Bituing may Buntot  
Alamat ng Puto-Bumbong  
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

*Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes:*

Ang Pitong Tanga

*Tabanan Books:*

*Ang Babaeng Nabulog Mula sa Langit at Iba Pang  
Kuwenton-bayan*

Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
D Cortezano	<i>Episode Sound Designer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Ivy Baggao	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Rey Sotto Duane Ligot Justine Ray Santos Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Vannessa Reventar	<i>Logistical Support</i>

Ross Du	<i>Illustrator</i>
Arielle Acosta Lazir Caluya	<i>Brand Developers</i>
Dreamlist Digital	<i>Web developers</i>
Brian Sy	<i>Voice actor for the episode</i>

## **Ateneo de Manila Basic Education**

### **Ateneo Grade School**

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ.	<i>Headmaster</i>
Jervy M. Robles	<i>Assistant Headmaster for Academic Affairs</i>

### **Ateneo Junior High School**

Jose Antonio P. Salvador	<i>Principal</i>
Genalyn S. Sanvictores	<i>Assistant Principal for Academic Affairs</i>
Paolo Ven B. Paculan	<i>Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino</i>
Kristine Ann P. Valdellon	<i>Master Teacher, Subject Area Coordinator, English</i>

### **Ateneo Senior High School**

Ma. Victoria P. Dimalanta	<i>Principal</i>
Luis Allan B. Melosantos	<i>Assistant Principal for Academic Affairs</i>